News Release

Bagong substation ng YRP na maglilingkod sa west end Vaughan

VAUGHAN, ON (Nobyembre 29, 2024) – Noong Nobyembre 29, sinamahan ni Mayor Steven Del Duca ang Hepe ng Panrehiyong Pulisya ng York na si Jim MacSween sa pag-anunsyo ng makabagong pagtutulungan na malapit nang maghatid ng bagong YRP substation sa west end ng Vaughan upang paglingkuran at protektahan ang mga residenteng naninirahan sa mga kapitbahayang ito!

Inaasahang magsisimulang mapatakbo sa unang bahagi ng 2025, ang pagtatag ng substation na ito ay pinangunahan ng Lungsod, na nagmamay-ari sa gusaling kalulugaran nito sa 10418 Islington Avenue in Kleinburg. Kasalukuyang inire-retrofit ng Lungsod ang ari-arian upang matugunan ang mga kinakailangan sa serbisyo ng pulisya.

Ang mga Miyembro ng Konseho ng Vaughan, kabilang ang Deputadong Mayor, Lokal at Panrehiyong Konsehala na si Linda Jackson, na naglilingkod sa Lupon ng Serbisyo ng Panrehiyong Pulisya ng York, ay dumalo upang markahan ang mahalagang anunsyong ito sa kaligtasan ng komunidad. Pinangunahan nina Mayor Del Duca at Deputadong Mayor Jackson ang mga pagsusumikap para sa bagong west-end substation na mamamalagi sa YRP's #4 District.

Ang site sa hinaharap ay magiging 3,600 talampakang kuwadradong substation kung saan maaaring makipag-usap ang mga miyembro ng komunidad sa mga opisyal ng pulisya, mag-file ng mga report, tumanggap ng impormasyon sa pag-iwas sa krimen at magtanong tungkol sa serbisyo o pagpupulis sa pangkalahatan. Sa oras na matapos at napapatakbo na, patatakbuhin ang pasilidad na ito sa paraan na katulad ng sa substation sa Vaughan Metropolitan Centre, kung saan minarkahan nina Mayor Del Duca at Hepe MacSween ang pagbubukas nito noong Setyembre 2024.

Noong Setyembre 2024, nagtalaga si Mayor Del Duca sa York Region Council na nagpapahayag ng malakas na suporta para sa karagdagang pagpopondo para sa YRP. Ang badyet para sa YRP sa 2025, na inaprubahan noong Nobyembre 28, ay kinabibilangan ng 7.7 porsyentong pagtataas mula 2024 ay direkta itong magreresulta sa pagkuha ng karagdagang 154 na kawani ng YRP sa 2025 at 150 sa 2026.

Alam ng Vaughan Council na ang kaligtasan ng komunidad at pagkuha ng matatapang na front-line na opisyal ng YRP ay mahalaga sa pagbuo ng lungsod. Ang Kaligtasan at Kagalingan ng Komunidad ang isa sa pitong aspeto ng estratehikong priyoridad sa 2022 hanggang 2026 na

Estratehikong Plano ng Kahusayan sa Serbisyo ng Tuntunin ng Konseho, na patuloy na nagbibigay ng kaalaman sa mga pagsusumikap ng Konseho ng Lungsod.

MGA PAHAYAG

"Ang Vaughan ay lagi nang isang ligtas na komunidad, ngunit sa mga nakalipas na taon kamakailan, napakarami sa ating mga residente ang napipilitang maharap sa nakawan ng sasakyan at panloloob ng tirahan, at nakita natin ang pagdami ng krimen na may kinalaman sa baril. Tama na – ang pagpapanatiling ligtas ng ating mga residente ay isa sa aking pinakamahahalagang responsibilidad. Kaya lubos akong nasisiyahan na makatulong ang YRP sa pagbubukas ng kailangang-kailangang substation na ito na magpapaigting sa presensya ng pulis sa Kleinburg at Woodbridge. At ito rin ay kung kaya hiniling ko ang aking panawagan para sa tunay na reporma sa pagpiyansa na nagpapanatili sa mga kriminal na wala sa ating mga kalye at nakakulong."
- Mayor Steven Del Duca

"Ang substation na ito ay magbibigay sa komunidad ng access sa mga opisyal ng YRP upang rumesponde at imbestigahan ang mga lokal na krimen, habang pinananatili ang kaligtasan ng komunidad sa Kleinburg. Ang kaligtasan ng komunidad ay isang nagkakaisang pananagutan. Ang pakikipagtulungang ito sa Lungsod ng Vaughan ay isang matatag na halimbawa ng kung gaano kakritikal ng mga pagtutulugan sa pagtitiyak ng pag-unlad ng mga ligtas at mapapanatiling komunidad."
-Hepe ng Panrehiyong Pulisya ng York na si Jim MacSween

ALAMIN PA

- Inilabas na balita sa Pagtutulungan ng Lungsod ng Vaughan at Panrehiyong Pulisya ng York sa Operation Silent Night
- Pagprotekta sa Bulnerableng Impraestrukturang Panlipunan na Ayon sa Batas (PDF)
- yrp.ca

-30-

TUNGKOL SA VAUGHAN: Ang Lungsod ng Vaughan ay isa sa mga pinakamabilis na umuunlad na lungsod sa Canada na may populasyon na mahigit sa 344,412. Na-incorporate noong 1991, kasama sa Vaughan ang mga komunidad ng Concord, Kleinburg, Maple, Thornhill at Woodbridge. Ang munisipalidad na iba-iba ang kultura ay matatagpuan sa gitna ng York Region at Greater Toronto Area.

KOKONTAKIN SA MEDIA: Justin Gaul, Corporate and Strategic Communications
Communications, Marketing and Engagement Department
T. 416-428-7886 E. justin.gaul@vaughan.ca